# SAPAGKAT ANG BUHAY AY DI MABIBILI NG SALAPI

PANGANGALAKAL SA TAO:  PAGSANSALA SA PAMAMAGITAN NG EDUKASYON

(Gamitin ang "arrows" sa cube para makita ang larawan)


## 1 ⇦ ⇨ ANO ANG HALAGA NG BUHAY NG TAO?



- Kumakatawan ang lahat ng mga taong ito sa buong mundo. Iba't iba ang kanilang kasuotan, iba ang uri ng pamumuhay at may iba't ibang kaugalian.
- Mahalaga ang lahat. **(ituro ang isa sa mga babae)** Kung malapit nang mamatay ang ama ng babaing ito, ano ang gagawin niya upang mailigtas ang kanyang buhay. O kung nasa panganib ang kapatid na lalaki ng mamang ito, ililigtas ba niya kahit mapasapanganib din ang kaniyang buhay.
- Gagawin ng bawat isa ang lahat ng kanilang magagawa upang iligtas ang kanilang mga mahal sa buhay dahil sa napakahalaga ng buhay ng tao?

Karaniwan sa ating lahat ay nagsisikap na gawin din ang ganitong mga bagay.


## 2 ⇦ ⇨ ANO ANG HINAHANGAD NATIN SA ATING BUHAY?



- Pag-unlad sa kabuhayan:
  **(ituro ang pera)** Gusto mo bang magkaroon ng maraming pera? Paano mo gagastusin ito? Puwede nating bilhin ang kailangan natin o anumang bagay na gustuhin natin, tulad ng damit, bagong cellphone at bayad sa pag-aaral nila.
- Pinag-aralan/Edukasyon:
  Bakit napakahalaga ng edukasyon o may pinag-aralan? Gusto nating mag-aral nang mabuti ang ating mga anak upang magkaroon sila ng mabuting kinabukasan, mabuting trabaho at maraming pera.
- Pagkapantay-pantay:
  Sinuman o saanman tayo nakatira, sinisikap nating magkaroon ng mabuting edukasyon at maraming pera upang pantay at may paggalang ang pagtingin ng iba sa atin.

Ginagamit ang 3 (tatlong) ito sa pananamantala.

## 3 ⇦ ⇨ SINO ANG MGA TAONG IGINAGALANG NATIN?



- Mga lider na relihiyoso
  Umaasa tayo na puwede nilang ituro sa atin kung paano tayo magkaroon ng kapayapaan at tamang kaugnayan sa Diyos.
- Mga asawang lalaki o mga nobyo
  Sinasabi nila mahal nila tayo at di nila sasaktan ang ating damdamin, susuportahan sa mga gastusin.
- Mga mayamang lalaking negosyante
  Mayaman, may magandang katayuan sa buhay na iginagalang. Ito rin ang ninanais natin.

## 4 BAKIT UMAALIS AT SAAN PUMUPUNTA ANG MGA BATANG ITO?



- Ang Mayamang Negosyante - pinangakuan ang pamilya na bibigyan sila ng pera, dadalhin ang anak sa ibang bansa para makipaglaro at magtrabaho sa kanya **(ituro ang pamilya na nagpapaalam)**. Nangako na padadalhan ng pera ang pamilya buwan-buwan.
- Ang mga Relihiyosong lider - Inalok ang pamilyang ito na dadalhin ang kanilang anak sa siyudad/lungsod upang papag-aralin **(ituro ang pamilyang nagyayakapan)**. Malungkot silang makitang umalis ang kanilang anak pero masaya na magkakaroon siya ng mabuting edukasyon.
- Ang Tiya - inalok ang batang babaing ito na magtatrabaho sa restawran ng kaibigan sa siyudad. **(ituro ang batang nakatingin sa labas ng bintana ng kotse)** Nangako siya na magkakaroon ang bata ng maraming pera at magugustuhan ang kaniyang trabaho.
- Pinili ng mga taong ito na mapalayo ang kanilang anak dahil pinangakuan sila ng mabuting bagay ng mga taong ito na pinagkakatiwalaan nila. **(ituro ang batang dinala ng sapilitan)** Pero walang nakakalam kung saan siya dadalhin.

Naniniwala ang mga pamilyang ito na tama ang pagpapasya/pagpili nila. Iniisip nila na mas mabuti ang kalayaan ng anak kaysa nasa bahay lang. Iniisip o naniniwala rin sila na wala na silang mapagpipilian o magagawa.

## 5 ANO ANG KATOTOHANAN AT ANG PANDARAYA?



- Ang mga asawang lalaki at ang mga nobyo kasama ang kanilang mga mahal sa buhay ay nagsisikap na maging ligtas ang kanilang tahanan. Hindi nila sinasaktan ang mga asawang babae at mga nobya. Mabuti ang mga lalaking ito. Pagpinipilit ng mga asawang lalaki o nobyo na makipagtalik ang kanyang asawa o nobya sa ibang lalaki para sa ipinagbabawal na gamot o para sa pera, hindi siya mabuting tao o di ka ligtas sa kaniya.
- Ang mga relihiyosong lider mula sa ibat ibang kaugalian ay maaring pumunta sa inyong tahanan. Pwede silang tumirang kasama ninyo, magsalita ng inyong wika, at maaaring magturo sa inyo kung papaano magkaroon ng kapayapaan sa Diyos. Ang mga taong ito ay mabuti. Ang ibang relihiyosong lider ay pwedeng magmukhang mga relihoyoso pero hindi nila kilala ang Diyos. Kung ang relihiyosong lider na ito ay gustong magbigay ng pera sa iyo at ilayo ang iyong anak mula sa inyong tahanan, hindi mabuti ang taong ito at hindi ka ligtas sa kanya.
- Ang mayamang negosyante ay maaaring pumunta kung saan kayo nakatira at magpapatayo ng eskwelahan o magbibigay ng mga gamot. Tumutulong na magkaroon ng malinis na tubig sa inyong mga tahanan. Mabuti ang mga taong ito o ligtas ka sa kaniya. Kung ang mayamang ito ay gustong magbigay ng pera sa iyo at ilayo ang inyong anak, hindi ka ligtas sa kaniya.
- Ang mga kapitbahay, mga Tiya o mga nanay na tinutulungan ang kanilang mga anak na babae na papag-aralin at magkaroon ng mabuting trabaho, mabuti ang mga babaing ito. Kung may babae o kahit kakilala ay gustong ayusin at magkaroon ng trabaho o edukasyon sa ibang bansa ang iyong anak at siya ang magbabayad ng pamasahe at maghahawak ng dokumento mo, di ka ligtas sa babaing ito o di siya mabuti.

## 6 NASAAN NGAYON ANG MGA BATANG ITO?



- Dinaya tayo ng mga taong dapat nating mapagkatiwalaan: Napaniwala ang mga pamilya sa kasinungalingan.  Ngayon napilitang magtrabaho ang kanilang mga anak para sa mga mapanganib na lalaki. **(Ituro ang mga kamay na nakaposas sa babang kanan).** Hindi na sila makatakas.
- **(Ituro ang batang nasa gitnang kanan at gitnang kaliwa)** Maraming mga batang mapipilitang magtrabaho sa bukid o sa pangingisda. Maghapon at magdamag silang magtatrabaho. Walang sapat na pagkain, tubig at tulog. Maaari ring silang pagpapaluin hanggang sa mamatay kung sila ay magpapahinga o maglalaro.
- **(Ituro ang walang kama at batang nasa sahig)** Maraming mga bata ang mapipilitang magtrabaho sa gabi. Magbabayad ang mga lalaki para abusuhin at makipagtalik sa kanila, gagahasain ang mga bata ng maraming beses gabi-gabi.
- **(Ituro ang batang babaing nasa taas)** Hindi magtatagal ang batang babae ay magiging wasak na wasak ang puso at sirang-sira ang buhay. Nakakulong sa maliit na kuwarto at binibigyan ng ipinagbabawal na gamot  para hindi na sya makalaban o makatanggi. Maniniwala sya na magiging ligtas lang siya kung magiging maganda at magkunwaring gusto nya ang mga lalaking ibinibigay sa kaniya. Hindi niya alam na ang buhay ay mahalaga, na sya man ay mahalaga rin.

  Kung walang tutulong sa mga batang ito mamamatay sila dahil sa pang-aabuso, sa matinding pagod at sa karamdaman.

## 7 MAYROONG PAG-ASA SA MGA BATA AT SA MGA PAMILYA.



- **(Ituro ang pamilya at ang taas sa kaliwang sulok)** Ingatang mabuti ang inyong pamilya. Huwag ipadala ang inyong mga anak sa malayo upang mag-aral o magtrabaho sa sinumang mag-alok ng pera sa inyo. Huwag silang ipadala sa malayo kasama ang sinumang magbabayad ng kanilang pamasahe. Huwag ibigay ang iyo o ang pagkakakilanlan ng iyong anak (Identification papers) kaninuman.
- **(Ituro ang babaing may hawak ng telepono)** Kung may nakita o may narinig kang taong pinilit na inilabas sa tahanan at pinipilit na magtrabaho sa mga lugar na mapanganib, DAPAT KANG MAGSALITA. Mahalaga ang mga iyon. Kailangan natin silang iligtas. Kapag itinakas sila, tawagan mo ang numerong ito. Makikita sila ng mga awtoridad at mapapalaya sila.
- Kung nahuli o nalagay ka sa mapanganib na kalagayan, hanapin mo ang malapit na palatandaan kung saan ka nahuli.

  **Tawagan mo ang numerong ito**

  Humingi agad ng tulong. Darating ang mga taong sumagot sa iyo at di ka magkakaproblema.
- **(Ituro ang bukas na posas/kadena)** Kung ang bata ay nailigtas at nakatakas, maraming beses ay hindi sila tatanggapin ng pamilya. Nahihiya ang pamilya na napagsamantalahan ang anak nila. Baka may malubhang sakit.
- Ngayon ay ayaw na nilang tanggapin **(ituro ang bukas na pinto)** sa pamamagitan ng bukas na pinto ang anak at ang pamilya ay makakasusumpong ng kalayaan at kagalingan.
- Kung may bukas na pinto para sa anak, makakauwi siya at puwede syang gumaling  sa maraming sakit na kanyang naranasan. Ang damdamin at pusong nasugatan at wasak minsan pa ay magiging masaya uli.

## Statistic

- May batang nakakalakal/inaabuso bawat tatlumpong segundo. (UNICEF)
- Karaniwang edad ng bata na nakakalakal ay labintatlong taon (13 yr old) . (United States Department of Justice).
- Ang pangangalakal sa tao ay nangyari sa isandaa't animnapu't isa (161) sa loob ng isandaa't siyamnapu't dalawang (192) bansa. (United Nations)
- Mga siyamnapu't anim na porsyento (96%) ng mga babae ang gustong tumakas mula sa prostitusyon pero nararamdaman nila hindi puwede. (United Labor Organization)
- Ang pangangalakal sa tao ay isandaa't limampung bilyong dolyares (150 dollars) taun taon. (United Nation)
- Sa ibang bansa humigit kumulang pitumpong porsyento (70%) ng mga lalaki ang nagbabayad para sa sex. (Victor Malarek; The Johns)
- Higit na apatnapu't limang milyong tao ang nagiging alipin sa buong mundong ito. Higit sa doble ng bilang sa mga Africano noong Trans-Atlantic slave trade. (Kevin Bales; Free the Slaves)

## Pinakamabuting Dapat Gawin

Bilang isang samahan/Organisasyon o isang taong kumakatawan sa isang samahan.

- Hinding –hindi namin ipakikita ang mga mukha ng mga batang pinangangalakal o pinagsamantalahan at nailigtas.
- Hinding –hindi namin ibabahagi/sasabihin ang kuwento na makikilala ang nailigtas sa pamamagitan ng tunay na pangangalan at kinaroroonan nila.
- Hinding –hindi namin sasabihin sa anumang paraan ng media ang tungkol sa mga nailigtas na walang pahintulot mula sa nailigtas o ng mga nag-aalaga sa kanila.
- Mag-uulat kami nang may katapatan, walang labis walang kulang.
- Iingatan at aayusin namin ang lahat ng larawan/litrato at ang kuwento tungkol sa biktima at nailigtas sa pangangalakal sa tulong ng mga lider ng team bago ipalathala sa news letters, blogs, facebook, Twitter at iba pa.
- Sa pagkaalam ng tungkol sa biktima ng pangangalakal habang nasa isang lugar, isusulat namin ang lahat ng impormasyong makukuha naming (tulad ng pangalan, edad, paglalarawan at lugar ng biktima ). Ang impormasyong ito ay ibibigay sa lider ng team upang maingatan at magkaroon ng wastong pakikipag-usap.

## Paraan ng Pagsasagawa*

- Pagkaalam (AWARENESS)
  Sinabi ni William Wilberforce, "Puwede mong tingnan sa ibang paraan pero hinding-hindi mo masasabi na hindi mo alam." Ngayong natutuhan mo na, dapat maging agresibo ka upang ipaglaban ang kalayaan sa pamamagitan ng kaalaman mo sa iyong sariling lugar at nasasakupan. Ibahagi ang iyong natutunan sa kahit sampung taong kilala mo o di mo kilala.

- Pagbibigay (GIVING)
  Pera ang nasa likod ng pangangalakal ng tao. Pera ang kailangan upang labanan ito. Makisali sa samahang lumalaban sa pangangalakal o pananamantala sa kapuwa sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal para masuportahan ang kanilang gawain.

- Pananalangin (PRAYER)
  Dumating si Hesus upang palayain ang mga nabilanggo. Sa pamamagitan lang ng pananalangin tayo makakasali sa katuparan ng kanilang layunin at magsimulang talunin ang mapangwasak na makabagong paraan ng pang-aalipin. (Modern Day Slavery)

***Action Steps are adapted from Nefarious: The Merchant of Souls, Exodus Cry Ministries.** www.exoduscry.com

**LOCAL HOTLINE NUMBER:**

©2018 e3 Partners Ministry / e3 Resources